# MGA PROPETA NG QURAN: ISANG PANIMULA (BAHAGI 2 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang paniniwala sa mga propeta ng Diyos ay isang pangunahing bahagi ng pananampalataya ng mga Muslim. Ang pangalawang bahagi ay ipapakilala ang lahat ng mga propeta bago si Propeta Muhammad (sumakanya ang pagpapala at kapayapaan) na binanggit sa banal na kasulatan ng mga Muslim mula kay Lot hanggang kay Hesus.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Mga kwento ng mga Propeta

**Ni:** Imam Mufti (© 2013 IslamReligion.com)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 25 Jun 2019



9. Si Lot o Loot ay binanggit ng 17 beses sa Quran. Siya ang pamangkin ni Abraham, ang anak ng kapatid ni Abraham. Nanirahan si Lot malapit sa timog na dulo ng Dead Sea. Ang kanyang mga tao ay mula sa Sodoma at Gomorrah. Naniniwala si Lot kay Abraham at pagkatapos ng kanilang pagbabalik mula sa Ehipto, nanirahan sila sa magkahiwalay na lokasyon. Ang mga tao sa Sodoma ang unang gumawa ng homoseksuwalidad. Iyon ang dahilan kung bakit ang mga homosekswal (mga tomboy at bakla) ay tinatawag na mga sodomite. Ang kanyang asawa ay hindi isang mananampalataya. Hindi niya ginawa ang kasalanan, ngunit tinanggap ito. Pinaulanan ng mga bato ang mga tao ng Sodoma at Gomorrah na dumurog sa kanila.

10. Si *Yaqub* o si Jacob, ang anak ni Isaac at ang apo ni Abraham ay binanggit nang 16 beses sa Quran. Ang ibang pangalan ni Jacob ay Israel. Ang "*Bani Israel*," Mga anak ni Israel, o mga Israelita ay ipinangalan sa kanya. Ang lahat ng mga propetang Hebreo ay nagmula sa kanya, na ang huli ay si Eesa o si Jesus. Si Jacob ang ama ng labindalawang tribo na kilala bilang *Al-Asbaat* (7: 160) sa Quran. Sinasabing nagbiyahe siya sa hilaga ng Iraq, bumalik sa Palestine at pagkatapos ay nanirahan sa Ehipto at namatay doon. Siya ay inilibing sa Hebron, Palestine, kasama ang kanyang ama alinsunod sa kanyang huling kahilingan. Binanggit ng Bibliya na ikinasal ni Issac kay Rebecca at ang kanyang anak na si Jacob ay nagpakasal kay Rachel (*Rahil* sa Arabe).

11. Si *Yusuf* o si Joseph, ang anak ni Jacob o Israel ay binanggit ng 17 beses sa Quran. Siya ay iniwan sa isang balon sa Jerusalem ng kanyang mga kapatid, at pagkatapos ay dinala sa Ehipto kung saan nakamit niya ang isang mataas na ranggo sa pamahalaan. Kalaunan, ang kanyang ama, si Jacob, at mga kapatid ay nanirahan na rin sa Ehipto.

12. Si *Shuaib* o Jethro, na binanggit ng 11 beses sa Quran, ay ipinadala sa mga taga-Madyan, na isa sa mga anak ni Abraham. Nabuhay si *Shuaib* sa pagitan ng panahon nina Lot

at Moises at isang propetang Arabo. Ang kanyang bayan ay sumamba sa isang punong tinawag na Al-Aykah (15:78, 26: 176, 38:13, 50:14). Sila ay mga magnanakaw sa daanan, at nanloloko sa mga usapan sa negosyo. Maraming parusa ang dumating sa kanila: isang kakila-kilabot na sigaw na sinamahan ng lindol ang nagwasak sa kanila.

13. Si *Ayyub* o Job ay binanggit ng 4 na beses sa Quran. Sinasabing nabuhay siya malapit sa alinman sa Dead Sea o Damascus. Siya ay isang mayaman na propeta na sinubukan ng Diyos ng kahirapan at sakit, ngunit mapagpasensya siya at tinulungan ng kanyang tapat na asawa na nanatili sa kanya sa bawat paghihirap. Sa kalaunan, ginantimpalaan sila ng Diyos ng marami para sa kanilang pagtitiis.

14. Si *Yunus* o si Jonah, na kilala rin bilang "*Dhun-Noon*," ay binanggit ng 4 na beses sa Quran. Nakatira siya sa Nineveh, malapit sa Mosul, sa Iraq. Iniwan niya ang kanyang mga tao bago siya pinahintulutan ng Diyos, na magtungo sa lugar na kilala sa ngayon bilang Tunisia, ngunit nakarating lang sa Yafa. Nilunok siya ng balyena, pagkatapos ay nagsisi siya sa Diyos at bumalik sa kanyang mga tao sa Iraq kung saan ang lahat ng 100,000 sa kanila ay nagsisi at naniwala sa kanya.

15. Nabanggit nang dalawang beses sa Quran si *Dhul-Kifl*. Sinasabi ng ilang mga iskolar na siya ay anak ni Job, ang iba ay nagsasabi na siya si Ezekiel ng Bibliya.

16. Si *Musa* o si Moises ay ang madalas na mabanggit na propeta sa Quran, na lumilitaw ng 136 beses. Bago si Moises, si Joseph ang nagsimulang magpalaganap ng mensahe ng monoteismo *(tawhid*: pagsamba sa Isa, totoong Diyos) sa mga tao ng Ehipto. Ang kanyang misyon ay pinalakas pa lalo nang ang kanyang ama, si Jacob, at ang kanyang mga kapatid ay nanirahan din sa Ehipto, dahan-dahang nagbalik-loob ang buong Ehipto. Matapos si Yusuf, ang mga taga-Ehipto ay bumalik sa polytheismo (*shirk*-pagsamba sa mga diyus-diyosan) at ang mga anak ni Jacob, ang mga Israelita, ay dumami at nagkamit ng katanyagan sa lipunan. Si Moises ang unang propeta na ipinadala sa mga Israelita sa mga panahon na sila ay inaalipin ng Paraon ng Ehipto. Nagpunta si Moises sa *Madyan* upang tumakas sa pag-uusig. Iginawad sa kanya ng Diyos ang pagka propeta sa *Bundok ng Toor*, na matatagpuan sa Sinai at binigyan siya ng siyam na dakilang mga himala.

17. Si *Haroon* o Aaron ay kapatid ni Moises at binanggit ng 20 beses sa Quran.

18,19. Sina *Ilyas* o Elijah at *Yas'a* ay binanggit nang dalawang beses ang bawat isa sa Quran, pareho silang nanirahan sa Baalbek.

20,21. Nabanggit si *Dawud* o David sa Quran ng 16 beses. Pinamunuan niya ang mga Israelita sa digmaan at nagwagi, at nagkaroon ng maraming mga himala. Ang kanyang anak na si *Suleiman* o si Solomon ay binanggit ng 17 beses at naging isang hari na may dakilang mga himala. Pareho silang inilibing sa Jerusalem.

22. Si *Zakariyyah* o si Zacarias ay binanggit ng 7 beses. Siya ay isang karpintero. Siya ang nag nagpalaki kay Maria, ang ina ni Hesus.

23. Si *Yahya* o John ay anak ni Zacarias at binanggit ng 5 beses. Pinatay siya sa Jerusalem, at ang kanyang ulo ay dinala sa Damascus.

24. Ang pangalang *Eesa* o Hesus ay binanggit ng 25 beses, Mesias 11 beses, at ang 'anak ni Maria' 23 beses. Ipinanganak siya sa Bethlehem, Palestine. Sinasabing binisita niya ang Ehipto kasama ang kanyang ina. Siya ang huling propeta sa mga Anak ni Israel.

Limang mga propeta ay mga Arabo: Sina *Hud*, *Salih*, *Shuaib*, *Ismail*, at Muhammad. Apat sa kanila ay ipinadala sa mga Arabo, samantalang si Muhammad ay ipinadala sa lahat ng tao.

Sa pangwakas, ang mga propeta, nasa bibliya man o wala sa bibliya, ay mahalaga sa mga kasulatan ng Islam. Ang mga Muslim ay nakikita ang kanilang sarili bilang mga tunay na tagapagmana ng misyon ng mga propeta na ipinadala ng Diyos sa sangkatauhan: pagsamba sa Isang Tunay na Diyos at pagsunod sa Kanya.

Napiling Mga Sanggunian:


1. Ibn Kathir. *Qasas ul-Ambiya*. Cairo: Dar at-Taba’a wa-Nashr al-Islamiyya, 1997.

2. Ibn Hajr al-Asqalani. *Tuhfa ul-Nubala’ min Qasas il-Ambiya lil Imam al-Hafid Ibn Kathir*. Jedda: Maktaba as-Sahaba, 1998.

3. Mahmud al-Masri. *Qasas ul-Ambiya lil-Atfaal*. Cairo: Maktaba as-Safa, 2009.

4. Dr. Shawqi Abu Khalil. *Atlas al-Quran*. Damascus: Dar-ul-Fikr, 2003.



Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/10233/mga-propeta-ng-quran

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.